



من أخلاق المسلم

MABUTING PAG-UUGALI NG ISANG MUSLIM

Magkakasunud-sunod ang pagpapadala ng Allah ng mga rebelasyon sa kalupaan upang maitanim sa puso at kaisipan ng mga tao ang mabuting pag-uugali, nang sa gayon ay maging matiwasay ang kanilang pamumuhay, at kanilang magampanan ang mga obligasyon bilang mga tagapangalaga ng mundong-ibabaw na siya namang ikalulugod ng Panginoong Allah. Kaya't ang mensaheng ipinarating ng huling sugo ng Allah ay nagpatunay sa kahalagahan ng mabuting pag-uugali. Katotohanang ang Propeta Muhammad(saws) ay siyang pinakamabuti ang pag-uugali kaya't nagbigay ng papuri ang Allah sa banal na Koran para sa kanya. Sinabi ng Allah: [**At katotohanang ikaw(o Muhammad) ay mayroong napakabuting pag-uugali.**] Al-qalam 4.

Ang Propeta Muhammad(saws) ang siyang pinakamabuting halimbawa ng mabuting pakikitungo sa lahat ng uri ng tao maging muslim man o hindi muslim. Katotohanang siya ay isinugo ng Allah upang maisabuhay ang diwa ng relihiyong Islam, relihiyon ng kabutihan at habag, kapayapaan at pagkakasundo. Sa pamamagitan ng mabuting pag-uugali pumapaitaas ang antas ng tao sa mundong ito at lalo na sa paningin ng Allah. Sinabi ng Sugo(saws):[**Nais ba ninyong ibalita ko kung sino ang pinakamamahal ko at pinakamalapit na upuan sa akin sa araw ng muling-pagkabuhay?**] sila'y tumugon: "Oo, Sugo ng Allah", sinabi ng Sugo(saws): [**ang siyang may pinakamabuting pag-uugali sa inyo.**] Ahmad 6906.

Katotohanang hinikayat noon ng Sugo(saws) ang mga tao na pagbutihin ang pagkikitungo sa iba at isabuhay ang mabuting pag-uugali. Sinabi ng Propeta(saws): [**Katakutan mo ang Allah saan ka man naroroon, at iyong sundan ng mabuting gawain ang masamang gawain na siyang bubura sa huli, at pakitunguhan mo ng mabuti ang mga tao.**] At-tirmidhi 1987. Ipinaliwanag rin ng Propeta(saws) na ang tunay na muslim ay siyang mabuti ang pag-uugali, at hindi nananakit o nang-aapi sa iba maging sa gawain man o pananalita. Sinabi ng Sugo(saws); [**Ang tunay na muslim ay siyang ligtas ang mga kapwa muslim mula sa (kasamaan) kanyang mga pananalita at gawain.**] Al-bukhari at Muslim. Kanya ring niliwanag na ang mabuting pag-uugali ay nagbubunga ng pagtaas ng antas sa paningin ng Allah at bumubura sa mga pagkakasala. Sinabi ng Sugo(saws); [**Wala nang gawaing mas mabigat sa timbangan kaysa sa mabuting pag-uugali, at katotohanang ang siyang naging mabuti ang pag-uugali ay kahalintulad sa antas ng taong palagiang nag-sasalah at nag-aayuno.**] Abu Dawud 4799.

Kapag naisabuhay ng isang muslim ang diwa ng mabuting pakikitungo sa kapwa ay katiyakang ang kanyang pananalita, gawain at pag-uugali ay magiging kapaki-pakinabang saan man siya naroroon. Kaya't kapag mayroong mga bangayan sa pagitan ng mga tao ay kanya itong maaayos, at ang mga pagkakamali ay kanyang maiwawasto. Ang mabuting muslim ay siyang hindi naninira sa kapwa, at hindi kabilang sa mabuting pag-uugali ang pagbabantay at pagsisiwalat sa mga kamalian ng iba. Marapat lamang na talikuran ng isang muslim ang paninira, panlilibak, panlalait sa kapwa at lahat ng mga gawaing salungat sa diwa ng mabuting



pag-uugali. Sinabi ng Propeta Muhammad(saws): [**Ang isang muslim ay hindi naninirang-puri, hindi isinusumpa ang iba, hindi malaswa at hindi bastos.**] At-tirmidhi 1977.

Katotohanang ang muslim na mayroong mabuting pag-uugali ay nag-iingat sa kanyang pananalita, at pinag-tutuunang pansin na ito ay magbunga ng kabutihan at hindi kapinsalaan. Pananalitang magiging dahilan ng ugnayan hindi bangayan, at nagbubuklod at hindi naghihiwalay, kaya't marapat lamang na magsalita kung makabubuti ngunit tumahimik kung makasasama. Sinabi ng Sugo(saws): [**Sinuman ang nananampalataya sa Allah at huling araw ay magsalita ng lang mabuti o tumahimik na lamang.**] Al-bukhari at Muslim.

Sinuman ang siyang may mabuting pag-uugali ay katiyakang magiging mabuti ang pakikitungo sa iba. Katotohanang napakabuti ng pakikitungo noon ng Propeta Muhammad(saws) sa lahat ng taong nakapalibot sa kanya maging matanda man o bata, mayaman man o mahirap, muslim man o hindi muslim. Sinuman ang tumuring sa Sugo(saws) bilang huwaran at naisabuhay ang mabuting pakikitungo ay katotohanang kanyang makakamtan ang pagmamahal ng mga muslim at ng mga hindi muslim.